# Ang Kailangan Mong Malaman Tungkol sa Iyong Gamot para sa Latent Tuberculosis (TB) Infection

## RIFAMPIN

Binigyan ka ng gamot upang malunasan ang latent TB infection mo. Wala kang sakit na TB at hindi ka makakahawa ng TB sa iba. Matutulungan ka ng gamot na ito na **MAPIGILAN** ang pagkakaroon ng aktibong sakit na TB.

### Habang iniinom ang Gamot na ito:

- Ipaalam sa iyong doktor o nurse kung mayroon kang mga tanong o saloobin sa gamot.
- Pumunta sa iyong mga nakaplanong pagpapatingin sa klinika.
- Talakayin ang anumang pag-inom ng alak sa iyong doktor. Maaaring magdulot ng mga side effect ang pag-inom ng alak.
- Ipaalam sa iyong doktor ang tungkol sa lahat ng iba pang gamot na iniinom mo.
- Tiyaking sabihin sa iba mo pang doktor na sumasailalim ka sa paggamot para sa latent TB infection.
- Inumin ang lahat ng iyong gamot gaya ng ibinilin sa iyo ng doktor o nurse mo sa TB.
- Sa ilang tao, mas nagiging mahina ang mga epekto ng gamot kapag iniinom nang may laman ang tiyan.

### Mga Tip upang Matulungan Kang Inumin ang Iyong Gamot:

- ✓ Inumin ang iyong gamot sa parehong oras araw-araw.
- ✓ Magtakda ng alarm na paalala para sa oras ng pag-inom mo ng iyong gamot.
- ✓ Hilingin sa isang kapamilya o kaibigan na ipaalala sa iyo.
- ✓ Gumamit ng pillbox.
- ✓ Maglagay ng paalala sa iyong salamin o refrigerator.
- ✓ Gumamit ng kalendaryo upang malagyan ng check ang araw kung kailan mo ininom ang iyong gamot.

### Iskedyul ng Gamot para sa Latent TB Infection:

(Mga Provider: Ilagay ang naaangkop na dami ng pill)

| Gamot | Iskedyul | Dami ng pill kada araw | Haba ng oras |
|---|---|---|---|
| Rifampin | Araw-araw | | 4 na buwan |

Maaari kang ipatingin ng iyong doktor sa isang health care worker upang makuha ang iyong gamot. Ang planong ito ay tinatawag na directly observed therapy (DOT).

**KUNG NAKALIMUTAN MONG INUMIN ANG IYONG GAMOT: Kung hindi pa lumilipas ang araw, inumin ang gamot sa sandaling maalala mo. Huwag uminom ng 2 gamot nang sabay.**

| TANDAAN |
|---|
| Pangalan ng aking doktor:<br>Pangalan ng aking klinika:<br>Numero ng telepono ng aking klinika: |




### Bantayan ang mga Posibleng Problemang Ito:

**IHINTO** kaagad ang pag-inom ng iyong gamot **AT** tawagan ang doktor o nurse mo sa TB kung nakakaranas ka ng alinman sa mga problema sa ibaba:

- Hindi gaanong magana o nawalan ng gana sa pagkain
- Masakit o pinupulikat na tiyan
- Pagduruwal o pagsusuka
- Mala-tsaa na ihi o maputlang dumi
- Madaling magpasa o magdugo
- Pamamantal o pangangati
- Paninilaw ng balat o mga mata
- Matinding panghihina o pagod
- Lagnat
- Pananakit ng ulo o katawan
- Pagkahilo

**TANDAAN:** Normal lang na manilaw ang iyong ihi, laway, o luha. Maaaring mag-iba ang kulay ng malalambot na contact lens.

Nakuha ang impormasyon mula sa Centers for Disease Control and Prevention Division of Tuberculosis Elimination

Ang SNTC ay pinopondohan ng Centers for Disease Control and Prevention sa pamamagitan ng isang cooperative agreement #U52PS004089

Published 2017 – Tagalog

Southeastern National Tuberculosis Center | UF UNIVERSITY of FLORIDA